MARS RAVELO'S

# DARNA at ang Nawawalang Bato

Nawawala ang Puting Bato ni Darna! Makipag-unahan para hanapin ito. Gamitin ang mga Player Cards para silipin, galawin, at makuha ang Puting Bato para maging si Darna!




Game Contents: 16 Player Cards, 5 Bato Cards
For a video tutorial and English manual, go to:
www.balangay.games/games/darnacardgame/

## PAANO MANALO

- Kapag nasa iyo ang Puting Bato pagsigaw mo ng "DARNA!"
- O kung ikaw ang unang makahula kung nasaan ang Puting Bato kapag naubos na ang Deck.

## PAANO IHANDA ANG LARO

### Ihanda ang mga Bato

Isa sa limang mga Bato ang Puting Bato ni Darna.

1. Balasahin ang mga Bato para hindi alam ng mga player kung alin ang Puting Bato.
2. Maglagay sa tapat ng bawat player ng tig-isang Bato. Sa iyo ang Batong nasa tapat mo.

***BAWAL** tingnan ang ilalim ng mga Bato maliban kung sinabi ng Player Cards o ng Game Manual*


3. Ilagay ang sobrang Bato sa gitna. Kasama pa rin ang sobrang Bato sa laro.

### Ihanda ang Player Cards

1. Balasahin ang Player Cards, tapos bigyan ng tig-isa ang mga player. Pwedeng tingnan ang sariling Player Card/s.
2. Ilagay ang natirang Player Cards nang nakataob sa isang Deck sa gitna.

Pumili ng mauunang tumira. Maaari nang magsimula.

### Itsura ng Laro



# GABAY SA PAGLARO

Kapag tira mo na, pumili sa **A** o **B** at gawin ang **ISA**:

## A Bumunot at gumamit ng Player Card para silipin at galawin ang mga Bato

1. Bumunot ng isang Player Card galing sa Deck para dalawa na ang Player Cards mo.
2. Pumili kung alin sa dalawang Player Card ang gusto mong gamitin at ibaba ito sa gitna para kita ng lahat.
3. Basahin nang malakas at sundin ang lahat ng pinapagawa ng ginamit na Player Card sa tamang pagkakasunud-sunod (mula sa taas).
4. Hawakan mo lang ang Player Card na hindi mo ginamit para sa susunod mong tira.

## B Subukang manalo sa pagsigaw ng "DARNA!"

Kung tira mo na at may kutob kang nasa iyo na ang Puting Bato, **huwag bumunot ng Player Card.** Sumigaw ng "DARNA!" at ipakita sa lahat ang iyong Bato.

- Kung nasa iyo ang Puting Bato, tapos na ang laro at panalo ka na!
- Kung wala sa iyo ang Puting Bato, itaob uli ang Bato mo at tapos na ang tira mo. **Kasali ka pa rin sa laro.**

Pagkatapos gawin ang **ISA** sa **A** o **B**, tira na ng player sa iyong kaliwa. Ulitin hanggang may manalo (dahil sa pagsigaw ng "DARNA!") o hanggang maubos ang Deck.

# KAPAG NAUBOS NA ANG DECK

Kapag nabunot ang huling Player Card sa Deck, tapusin ang tira ng bumunot nito. Simula ngayon, bawal nang sumigaw ng "DARNA!". Gawin ang sumusunod:

1. Ipakita sa isa't isa ang hawak na Player Card.
2. Isa isang huhulaan ng mga player kung nasaan ang Puting Bato. Unang huhula ang player na may pinakamababang numero sa Player Card niya.

*Halimbawa: unang huhula ang may hawak ng Player Card ni Lola Asay*




3. Ipakita sa lahat ang piniling Bato.

- Kung tama, tapos na ang laro at panalo ang nakahula!
- Kung mali, ang player na may pinakamaliit na numero sa mga naiwan ang susunod na huhula.
- Gawin ito hanggang may makahula nang tama. Kapag walang makahula ng tama, walang panalo, kaya't galingan ninyo sa paghanap sa Puting Bato!

Darna, the Darna logo and Player Card character images are copyrights of Mars Ravelo Komiks Character, Inc. Darna at ang Nawawalang Bato and the distinctive design, text, layout, and elements of the Player Cards, Bato Cards, and manual aside from the character images are registered copyrights of Balangay Entertainment, Inc. for its card game and game equipment. No portion of this game may be reproduced in any way or form without permission from Balangay Entertainment, Inc., ABS-CBN Corp., and Mars Ravelo Komiks Character, Inc.

© 2017. ABS-CBN Corporation and Balangay Entertainment, Inc. Produced by ABS-CBN Corp. and Balangay Entertainment, Inc. Under License of Mars Ravelo Komiks Characters, Inc.

Credits:
Project Management: Marx Rulloda
Game Design: Marx Rulloda and Karlo Senga
Art and Graphic Design: Aaron Galzote, Mars Ravelo Komiks Character Inc., ABS-CBN Corp.
Producers: Nico Valdez, Aya Carino-Valdez, Marx Rulloda, Aaron Galzote, Karlo Senga
Special thanks to Julie Ann S. Gutierrez and all the playtesters.